# 多言語情報コーナー　　（令和８年　４月号）

## 1. Impormasyon Tungkol sa Cherry Blossom Festival at mga Tanyag na Lugar kung Saan Maaring Pagmasdan ang mga Ito.

Panahon na naman ng cherry blossoms. Narito ang mga ilang impormasyon kung saan gaganapin ang mga Cherry Blossom festivals at mga tanyag na cherry blossom spots ng lungsod.

Una, nariyan ang "Mt. Ohira (Ohira San) Cherry Blossom Festival," kung saan humigit-kumulang 4,000 puno ng Sakura ang mamumulaklak. Ito ay gaganapin mula ika-20 ng Marso hanggang ika-12 ng Abril. Napili ang Ohirasan bilang isa sa "Japan's Top 100 Cherry Blossom Spots." Masisiyahan din sa tatlong sikat na lokal na specialty: ang dango (rice dumplings), yakitori (grilled chicken skewers), at ang tamagoyaki (rolled omelet). Ipapatupad ang mga paghihigpit sa trapiko ayon sa timing pamumulaklak ng sakura at dami ng tao na pupunta. Magiging one-way ang kalsada para sa ma sasakyan at maniningil ng parking fee kung gagamitin ng parking lot sa panahong iyon.

Habang ang mga petsa ay maaaring magbago depende sa tiyempo ng pamumulaklak, ang Ohira Machi Cherry Blossom Festival ay gaganapin mula Marso 27 hanggang Abril 12. Ang lokasyon ay mula Sakura Street sa harap ng Ohira Sports Park hanggang Sakura no Mori sa loob ng nasabing lugar. Sa panahon na ito ay iilawan ang mga cherry blossoms mula ala 6:00 hanggang alas 9:00 ng gabi.

Mula ika-30 ng Marso hanggang ika-5 ng Abril ay gaganapin naman ang Fujioka Cherry Blossom Festival sa Fujioka Watarase Sports Park. Sa panahong ito, ang mga puno ng Sakura ay iilawan din mula ala 6:00 hanggang alas 9:00 ng gabi.

Sa Tsuga no Machi naman mula ika-28 ng Marso hanggang ika-5 ng Abril ay gaganapin ang Tsuga no Sato Hanasaisai 2026. Itinatampok sa festival na ito ang 180-taong-gulang na "Tsuga no Sato Sakura" na puno kasama ang iba pang mga cherry blossoms na namumulaklak na hindi magkakasabay ito ay daan upang ang mga cherry blossom sa loob ng mahabang panahon ay mapagmamasdan ng mga

bibisita sa lugar. Iba't ibang mga events ang pinaplano para sa week end ng nasabing sa panahon ng pagdiriwang. Iilawan din ang Tsuga no-sato cherry blossoms mula dapit hapon hanggang alas 9:00 ng gabi.

Ang lugar sa paligid ng Miyanohashi Bridge sa Miya Machi ay tanyag dahil sa humigit-kumulang 500 cherry trees nito na nakahilira sa gilid ng Nagano River na kilala bilang "Miya's Cherry Blossoms." Sa ika-28 at ika-29 ng Marso, gaganapin ang "Ibuki no Sato Cherry Blossom Festival", na magtatanghal ng mga pagtatampok sa entablado at mga ibat-ibang paninda sa nasabing mga araw.

Ang humigit-kumulang 200 puno ng sakura na nakahanay sa gilid ng Omoigawa River sa Nishikata-Machi ay kilala rin bilang "Kanasaki's Cherry Blossoms." Ang "Nishikata Kanasaki Cherry Blossom Festival" ay gaganapin mula ika-4 hanggang ika-12 ng Abril. Sa panahong ito, ang mga puno ng sakura ay iilawan mula ala 6:00 hanggang alas 8:00 ng gabi. At sa ika-5 ng Abril magkakaroon ng mga stalls at iba't ibang mga events.

Bilang pangwakas sa ika-29 ng Marso, mula alas 10:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon , ang "Iwafune Cherry Blossom Festival" ay gaganapin sa Iwafune General Sports Park. Magkakaroon ng mga stage events at food stalls.

Tayo na at bisitahin ang mga tanyag na cherry blossom viewing spots ng Tochigi City at malugod na pagmasasdan ang pamumulaklak ng sakura.

## 2. Paunawa Tungkol sa Bayarin para sa National Pension.

Ang sinumang may edad 20 hanggang 60 taong gulang na nakarehistro bilang residente sa Japan, kabilang ang mga dayuhan, ay nakatala sa National Pension system ng Japan.
Ang mga nagtatrabaho sa kumpanya ay nakatala sa "Employees' Pension Insurance," at ang kanilang mga insurance premium ay awtomatikong ibinabawas sa kanilang suweldo. Ang mga hindi nagtatrabaho naman ay nakatala sa "National Pension," at nagbabayad sila ng sarili nilang mga premium.
Ang halaga ng National Pension insurance premium ay nagbabago bawat taon. Para sa fiscal year 2026, ito ay 17,920 yen bawat buwan. Ang mga magbabayad sa pamamagitan ng payment slip ay makakatanggap ng payment slip mula sa Japan Pension Service sa unang bahagi ng Abril. Mangyaring bayaran ang iyong buwanang premium hanggang sa katapusan ng susunod na buwan.
Kung hindi babayaran ang premium ng insurance ay hindi makakatanggap ng pensiyon. Kung magbabayad ng 10 taon o higit pa, maaari makatanggap ng pensiyon mula sa edad na 65. Kapag minabuti naman ng isang dayuhan na umuwi na lamang sa kanyang bansa, ang bahagi ng pensiyon na binayaran sa Japan ay ibabalik bilang isang "lump-sum withdrawal payment."
Maaaring samantalahin ng mga estudyante na may mababang kita ang sistema ng "iksemsyon sa pagbabayad", na nagbibigay-daan para sa pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad. Mangyaring sumangguni sa Insurance at Pension Division sa city hall o sa iyong lokal na sangay na tanggapan.
Higit pa rito, kung nahihirapan na magbayad, mayroong mga exemption system na magagamit; mangyaring kumonsulta sa city hall.

## 3. Tungkol sa Pagpapalawig ng Oras sa Mga Counters ng City Hall

Upang maging kombenyente para sa mga residente ng lungsod,pinapalawig ng Tochigi City Hall ang oras ng serbisyo sa mga madalas na pinupuntahan na mga counters tuwing Miyerkules mula alas 5:15 hanggang alas 7:00 ng gabi.
Ang mga tanggapang sangay sa Ohira, Fujioka, Tsuga, Nishikata, at Iwafune ay pinalawig ang kanilang mga oras sa counters ng Livelihood at Pension Insurance sections tuwing ikalawang Miyerkules ng bawat buwan.

Bilang karagdagan, ang mga may My Number Cards ay maaaring makakuha ng mga sertipiko gamit ang mga multi-function na copiers na naka-install sa mga convenience stores sa ibat ibang mga lokasyon. Magagamit ang mga multi-function copiers na ito mula ala 6:30 ng umaga hanggang alas11:00 ng gabi.